**Abstract**

Nag-viral sa buong Pilipinas ang kuwento ni Baldo, isang konduktor na suma-sideline bilang GrabFood delivery rider upang masustentuhan ang pangangailangang medikal ng kanyang anak na si Laura. Wala na yatang Pilipinong hindi nakakakilala sa mag-ama sanhi ng posts ng mga artista, influencer, brand, at maging ng TV feature tungkol sa kanila. Bukod sa atensiyon ay inulan din sila ng di mabilang na mga donasyon mula sa iba't ibang kompanya at institusyong nais tumulong (at makisawsaw na rin) sa current trending topic. Ang (hashtag na) #ParaKayBaldoAtLaura ay larawan ng isang ulirang ama at isang anak na pag-asa na sana ngunit inagaw pa ng trahedya—isang gintong **poverty porn** ng ating panahon. Ngunit sa kabila ng pagkakakilala ng lahat ay may ibang mukha ang mag-ama sa likod ng imaheng inilalapat at nais makita ng madla sa kanila.

**Keywords**

viral story, social media, poverty porn, entertainment, social commentary

**English title**

#ForBaldoAndLaura

# #PARAKAYBALDOATLAURA

ERIK GUZMAN PINGOL

"HINDI BA IKAW si Mang Baldo?" tanong ng babaeng nasa harap niya sa pila sa Alfamart.

Napayuko si Baldo. *Heto na naman.* Ayaw sana niyang sumagot, ni tumingin. Tatakpan na sana niyang muli ng naibabang face mask ang malaking balat sa mukha na laging nagkakanulo sa kanyang pagkakakilanlan, pero huli na.

"Ay si Mang Baldo nga ito!" sagot ng isa pang nakapila, nasa likod naman niya.

"Puwede po bang magpapiktyur?" pangahas na tanong ng isang lalaki.

Hindi pa man nakatatanggi si Baldo ay dumikit na sa kanya ang lalaki, tinawag ang jowa nito. Nag-peace sign sila sa magkabilang gilid ni Baldo, sabay tap sa camera ng mamahalin nilang mga cell phone.

"Salamat po, Mang Baldo!"



Likhaan 18.indb 52 11/22/2024 4:29:33 PM

Tango na lang ang naisagot ni Baldo sa dalawa. Naisip niyang tapos naman na, aalis na lang siya. Kaso lang nagpapiktyur na rin ang unang babaeng nakakilala sa kanya, at tapos ay sumunod ang nasa likod. Sumunod na rin ang dalawang crew ng convenience store. Balot na ng kintab ang noo ni Baldo, nangingintab na ang mantika sa kanyang madilim na kutis. Itinaas na niyang muli ang kanyang face mask, basa na ng pawis. Nadama niyang umaalingasaw na ang amoy ng kilikili niya, kasabay ng pag-angat ng init mula sa kanyang katawan. *Bakit naman kasi dito pa ako bumili*, bulong ng isipan.

Pakiramdam niya'y isang asong-gala. O pusang marungis. Parang iyong *kawawang naisalbang hayop* sa tabi ng mga rescuer nito. Naalaala na naman niya tuloy ang mga napanood noon sa Facebook videos na mga hayop na nagdurusa sa kalsada—gutom, payat na payat, naaksidente, o kaya'y minaltrato't iniwan—at iniligtas ng mga tao. Iyong ipapakita sa video kung paano pinulot, inaruga, binigyan ng bagong buhay; tapos ay pupurihin sa comment section ang mga tumulong. "God bless your kind heart," "we don't deserve dogs," at "faith in humanity restored!"

"Magkano ho?" Sa wakas ay naiabot na ni Baldo ang dalawang pakete ng noodles at isang kapeng 3-in-1 sa counter.

"Mang Baldo, 'wag na po. Ako na po ang bahala," buong ngiting pahayag ng manager ng store na sumingit bago nakasagot ang crew.

"Naku, huwag na ho. May dala naman akong pera—"

"Hindi po, hindi po, Mang Baldo. *Napakaliit na bagay* lang po nito. At ito pa po." Ibinigay pa ng manager ang isang supot na may Gardenia, garapon ng Lady's Choice, isang dosenang pakete ng Milo, at kung ano-ano pa na hindi na nausisa ni Baldo sa bilis ng pangyayari.

"Huwag na ho. Nahihiya ho ako ..." pahina nang pahinang pagtanggi ni Baldo.

"Maliit na bagay po, Mang Baldo. Ibigay na po ninyo sa anak ninyong si Laura ..." pagsusumamo ng manager. Lahat ng tao sa paligid ay nakangiti. May nais pang mag-abot ng pera, ng sariling supot ng mga pagkaing pinamili, at maraming nagvi-video.

Napaiyak na si Baldo. Umagos ang luha at nilamukos ng emosyon ang mukha. Ikinubli niya ng kamay ang mga usli at basag-basag na mga ngiping di na mapagtakpan ng mga labi na kusang bumubuka sa bawat pagtangis. *Kilala ng lahat si Laura. Kilala siya ng lahat.*

Niyakap siya ng mga taong hindi niya kilala. Hinimas sa likod. Kinalma. Karamihan sa mga nag-selfie at nag-video ay mabilisang



Likhaan 18.indb 53 11/22/2024 4:29:34 PM

in-upload ang kanilang mga nakuha sa kanya-kanyang account. FB, Instagram, may X (dating Twitter) pa. Mas mataas na ang #ParaKayBaldoAtLaura kaysa sa #PhotoOfTheDay at #Beautiful. Umapaw ang luha at likes. Bato lang ang hindi nag-share. Naiyak ang buong Pilipinas. Maraming nag-follow sa mga uploader. Namayani ang #Love at #FaithInHumanity.

Nakayukong lumabas ng Alfamart si Baldo. Sinubukang mag-abot ng bayad o magsoli ng binigay ngunit tinanggihan. Ngunit siya, bawal tumanggi sa bigay. Wala sa sariling tumawid si Baldo. Malakas ang tunog ng preno ng Honda Civic FD na muntik makasagasa sa kanya. Bumusina nang malakas ang kotse; napalubog ang ulo ni Baldo sa kanyang mga balikat. Lumabas bigla ang may-ari ng sasakyan at napasigaw ng

"WHATDAFUCK, BRO!"

Mabilis na nagsilapit ang mga tao sa paligid. Inawat ang nanigaw. Ang iba pang sumaklolo ay galing na kanina sa loob ng convenience store.

"Easy, brad, si Mang Baldo 'yan ..."

"Baldo?" hinagilap pa ng lalaki ang impormasyon kung sino si Baldo. "You mean, Baldo—BALDO? *The* Baldo?"

Hindi batid ng isa sa mga umawat, na isang cigarette vendor sa labas ng Alfamart, na may variations o iba't ibang antas pa pala ng Baldo sa bansa. Pero tumango lang siya.

"Si Baldo na tatay no'ng Laura—"

Sapat na ang sagot na iyon para mahimasmasan ang lalaki. Parang nakakita ng anghel na biglang nagsisi sa mga kasalanan ang driver ng Civic. Nag-sorry na may pilit na coño twang.

Napalingon-lingon si Baldo sa paligid. Madilim na pala. At puro ilaw ng cell phone ang nakikita niya sa paligid. Mga nagse-selfie na naman, mga nagvi-video. Pasimpleng aalis na sana siya.

"Mang Baldo, wait! I'm sorry! Wait!" pahabol ng pormado at umaalingasaw sa yaman na lalaking may-ari ng kotse. Hinatak niya ang payat na braso ni Baldo.

"I'm Toni Labrador, FBoi Type-R Channel—" sabay abot ng kamay nito para sa sosyal na handshake, iyong katulad ng mga ginagawa nina LeBron James sa NBA o ng mga rapper na sikat sa US.

E kaya lang, wala namang kamalay-malay sa gano'n si Baldo, maging sa FBoi Type-R Channel. At Channel 7 lamang naman ang alam niyang channel sa maliit na TV nilang may LED burn na sa apat na sulok ng screen. Nitong huli nga lang siya nagka-Facebook at natutong manood ng



Likhaan 18.indb 54 11/22/2024 4:29:34 PM

videos doon, gamit ang inutang na Android phone na siya ring puhunan sa pagga-GrabFood delivery. Kaya't kinamayan na lang niya ng alam niyang pagkamay sa kapwa tao.

"Anampota si Labrador pala ito e!" napasigaw ang cigarette vendor.

"Ampogi!!!" sigaw ng isang babae, iyong nagtitinda ng nilagang itlog sa tabi.

"Sino 'yan?" usyoso ng isa pang napadaan.

"Artista?"

"Hindi, vlogger."

"Ay di ko knows mga ganyan ..."

"Tangek, sikat kaya 'yan!"

"Si Labrador, 'yong laging may kaaway."

"A 'yong vlogger na body builder?"

"Oo, 'yong laging may kasuntukan—"

"A 'yong hinamon ni Cardo ng suntukan?"

"Tsss ... suporter ni Prisidinti—"

"E ano naman? Okey nga e, di puro reklamo sa gobyerno—"

"Pero fogeee ha ..."

"Pogi mo, papi! Pogi rin ng kotse mo!" singit ng dalawang lalaking napadaan. Ang isa ay si Toni ang kinikilatis, samantalang ang isa ay hinihimas ang top-of-the-line Honda Civic na puti na may sticker na "Certified FuccBoi," may mataas na spoiler sa likod, at may pagkalaki-laking HKS muffler na kung bumuga ay kayang gumising ng isang buong tulog na barangay.

Bumaba naman sa kasunod na kotse ang isang kabataang lalaki na hip-hop na di-mawari-mix ang pormahan. Nagsenyasan sila ni Toni. Naglabas ito ng maliit na action camera—mukhang GoPro. Parang meet and greet na ang nangyayari sa kalsada. Nagtatrapik na, kaya't buti'y lumapit na ang MMDA.

"Ano'ng nangyayari d'yan?" sita ng MMDA. Napalaki ang mata nito nang makita ang poging si Toni, at namukhaan din ang isa pang celebrity—si Baldo. "Ay, okey, okey ... ano'ng nangyayari, mga boss?" biglang may pagbaba sa tono ng boses. Slight lang.

"Oh, sorry, officer. Muntik ko na kazeh mabangga si Boss Baldo here e. I'm just apologizing," suwabeng paliwanag ni pogi, este Toni. Rolling na nga pala ang recording ng video, kaya pala may subtle beat na ang bigkas at bagsakan ng vlogger. Kunwari'y nagmando-mando pa na huwag kuhanan, pero umaanggulo naman.



Likhaan 18.indb 55 11/22/2024 4:29:34 PM

"It so happened, guys, na si Mang Baldo puhla itong muntik ko na mesegezaan. I'm still shocked right now. But … also starstruck to meet the man in the flesh—" itinuloy na niya sa vlogging.

"A sige po, mga ser. Tabi po muna natin dito sa gilid, para di na magtrapik …" biglang naalala ng MMDA ang tunay na mundo. Biglang nag-straight body, higop-tiyan, at may ngiting palabas-dimpol.

"Oh, yeah! Yeah right! Aight, guys," kumumpas-kumpas pa si Toni sa camera na para bang isang rapper. "Itatabi lang natin mga oto, at mej nagta-trepheek na tayo here along Tomas Morato—kuhanan mo nga, Buboy, 'yong trapik, pan ka then isang wide—we'll def'nitely go grab a few words later again with Mang Baldo …"

At tumabi na muna sila. Gumilid ang dalawang kotse, humarang sa mga nakaparadang sasakyan sa kalsada. Nagmando ang MMDA officer—kumumpas na "deretso," kahit wala namang likuan talaga doon. Nagkumpulan pa ang mga tambay, samantalang bumagal ang lakad ng ibang mga naparaan lamang—umikot ang leeg na parang kuwago. Nang flowing na ulit ang mga sasakyan, isang nagmo-motor ang hinuli ng MMDA dahil hindi *standard* ang helmet.

Kinausap ni Toni si Baldo. Gustong-gusto na talaga umuwi ni Baldo. Kung di lang marami siyang bitbit na bigay ng mga tao kanina at sandamakmak ang mga camera na nakatutok sa kanila ay kumaripas na sana siya ng takbo. Kaso, di rin talaga siya makatatakbo; hinawakan na kasi ni Toni ang braso niya. Ang braso ni Toni ay parang dalawang braso na niya. Habang naghahanap siya ng makakain ay lumalaklak lang ng whey protein ang huli. At kada may magpapapiktyur ay aakbayan siya nito na parang siya ay accessory lamang.

"Kumusta naman po si Laura? Kumusta ang lagay niya?" Biglang nagmukhang tutang naghihingi ng tinapay ang mukha ni Toni nang manghingi ng sagot.

Sa tuwing sasagot naman si Baldo ay sasalubong na agad ng bagong tanong si Toni. Ni hindi nga alam ni Baldo kung pumapasok ba talaga ang mga sagot niya sa kukote ng kausap.

"Nakakalakad na ba uli si Laura?" isa sa mga ulan ng tanong ni Toni.

Parang umakyat ang dugo ni Baldo sa ulo nang marinig ang tanong na ito. Malala ang kondisyon ngayon ng anak. Hindi naman ito temporaryo lang na hindi makalakad dahil gutom o may lagnat o napilay lang. Malala. Malubha. Hindi na ito *makakilos* gaya nang dati. Hindi na ito *makakikilos muli* gaya nang dati kahit pa ano o gaano karaming



Likhaan 18.indb 56 11/22/2024 4:29:34 PM

plastic bag ng mga pagkain, pera, at awa ang ipadala sa kanila ng mga tao. *Paanong hindi alam ito ni Toni kung tunay niyang sinusundan ang mga balita, ang mga post?* Ang mga pangungusap na ito ay mga namumuong apoy sa dibdib ni Baldo, ngunit dahil wala naman siya lakas o hangaring magalit, sumisingaw lang ito sa ulo niya, nagiging pawis, nagiging luha. At sa puntong tumutulo nang muli ang luha niya, ito ang ginintuang pagkakataon para sa vlog.

Nagpaalam na si Baldo. Kailangang-kailangan na niyang umuwi, pilit niya kay Toni. Marami pang gusto i-record na tanong at sagot si Toni. Nagmatigas na si Baldo, hindi karaniwan sa mahiyain at tamemeng persona niya sa harap ng camera.

"Sakay ka na, Mang Baldo, hatid kita sa house n'yo ..."

Hindi naman sasapat ang mga kumpas ng pagtanggi ni Baldo. Laging may counteroffer ang vlogger. Laging may suhestiyon. At maraming naghihitay sa pagpayag niya, kaysa sa pagtanggi. Pag-aari sila ng mga camera.

***

"Ma'am, andito na po ako sa labas ng gate ninyo. Tenkyu po."

"A sige, Kuya. Punta na ako"

"Tenkyu po, Ma'am," sagot ni Baldo na patango-tango pa kahit di naman makikita ng kausap sa cell phone.

Hawak ang tatlong kahon ng donuts, naghintay muna siya sa labas ng gate. Nakahinga na siya ngayon nang maluwag at alam niyang legit na tao ang nag-order sa kanya. Hindi gaya noong isang buwan na may nag-order sa kanya ng Shakey's Classic Meal Deal na nagkakahalagang ₱1,599 na pina-deliver sa kanya sa tabi ng esterong wala namang nakatira.

Nakasandal ang kalawanging bisikleta ni Baldo sa batong bahagi ng pader sa may gate. Ingat na ingat siyang isinandal ang bisikleta niya't natatakot kasi siyang magasgasan ang napakakinis na finish ng pader. Lumingon-lingon siya sa village habang hinihintay ang customer. Napakalawak ng kalsada sa White Gates Village. Sa paningin niya, kahit mga ligaw na damo'y pino at mamahalin. Ang mga bahay ay naglalakihan, parang nilalamon siya. Parang bawal ang alikabok doon; baka sa village entrance pa lang ay hinaharang na ng mga guwardiya ang mga alikabok kung walang ID na maiiwan.



Likhaan 18.indb 57 11/22/2024 4:29:34 PM

"Hi, Kuya! Sorry sobrang tagal. Wala kasi mga maid ngayon, kami lang dito …" pinutol ng malakas at magandang tinig ang paglutang-lutang ng mga naiisip ni Baldo.

"Ayos lang po, Ma'am," mahinang tugon ni Baldo.

Pamilyar ang mukha ng magandang babae. Nasa mid-thirties, maputi at makinis ang kutis, mahaba at may highlights ang buhok. Ang nunal sa pisngi nito, *pamilyar.*

"Cassie! Help me get the boxes! Ang laki pala nito!"

"Mom!" may sumagot na boses ng batang babae. "Wait, almost there—"

"Ayan, Cassie, get the one left …"

"Hi, Kuya Grab!" matinis na bati ng bibong bata. Na *pamilyar din*.

*Ang mag-inang sina Aubrey at Cassie Contreras pala ito,* tama nga siya. Ang pamilyang artista. Ang asawa ni Aubrey ay ang dating basketbolistang FilAm na si Stephon Thompson. Napangiti siya, nakakita ng artista. Naisip niyang magpapiktyur sana, kaso ay nahiya na siya.

"Huh? You rode all the way here with just a bike, Kuya? Not motorbike?" Nakatingin ang bata sa bisikleta niyang kasalukuyang nginunguya ng kalawang.

"Cassie! What are you saying there? Be polite!" saway ng nanay nito.

"No, Mom! I'm just saying that Kuya rode all the way here with just a bike! That's hard!"

Lalo pang nginuya ng hiya si Baldo. Hinihintay lang niya ang bayad sa donuts.

Lumabas ulit si Aubrey at sinilip ang tinuturo ni Cassie.

"OMG! Oo nga. Really, Kuya, you just use bike sa Grab deliveries?"

"O-opo, Ma'am …" nakayukong sagot ni Baldo. Basang-basa na ng pawis ang dibdib niya.

"That's crazy, Mom! Kuya Grab must be so tired!"

Tumingin si Aubrey sa anak, tapos ay kay Baldo.

"Pasok ka muna, Kuya. Bigyan kita kahit juice or water …" malambing na alok ng artista.

"'Wag na po, Ma'am. Ayos lang po," nanginginig na tanggi ni Baldo. "A … hintay ko lang po 'yong bayad …"

"Huh?" pagtataka ni Aubrey. "Ay sorry, Kuya, naka-GrabPay, di ba? Bayad na po."

"Po? Ay sorry, Ma'am …" nataranta si Baldo. Di alam kung itatanong uli iyong sinabi ni Aubrey o titingnan ang cell phone.

Na-sense naman ni Aubrey na baka hindi alam ni Baldo ang GrabPay o



Likhaan 18.indb 58 11/22/2024 4:29:34 PM

kaya'y nalilito lang. *Malamang naman kasing na-train naman ng kompanya ang mga rider nila sa feature na ito bago isabak*. Kaya't sabi niya, "Check mo, Kuya, iyang sa Grab mo kung nakalagay. Ito 'yong sa akin, o." Ipinakita ni Aubrey ang Grab app niya kay Baldo. Nakalagay rito na naka-GrabPay at bayad na.

"A ... gano'n po ba? Naku ..." pag-aalinlangan ni Baldo.

Nagtaka si Aubrey na hindi pa mapakali si Baldo.

"Sorry, Ma'am, bago lang po kasi ako. Pero kanina po, sa J.CO, nag-abono po ako. Nagbayad po ako. Tsk. E ... di naman ako sinabihan. Tinanggap naman ..."

"Oh no, nag-abono ka? Naku, are you sure ..."

Nadama na lang ni Baldo na napapakagat-labi na siya. Naiinis siya, pero mas nananaig iyong naiiyak na siya. *Yari na naman.* Naisip niyang bumalik agad sa pinagkuhanan niya ng donuts, para mabawi ang pera. *Sana ay honest naman iyong crew. Kung di man sadya e sana lang maalaala at makuha niya ang inabonong puhunan na hindi naman na sana kailangan pa.* Ang daming nagtatalong mga kaisipan sa loob niya, basta ang kailangan niya ay makaalis agad at makuha ang pera.

Pagsakay niya sa bisikleta, ilang hakbang lang palayo sa gate ng mga artista, ay sumemplang siya. Sadsad ang mukha niya sa semento, kayod ang kanang siko.

Naging viral ang video at photos nina Aubey at Cassie Contreras kasama ang isang GrabFood rider na bisikleta lamang ang gamit sa pagde-deliver ng pagkain. Ang footage ng pagsemplang ni Baldo ay nakuha mula sa CCTV sa gate. Kita rin dito ang pagtulong ng *butihing* artista sa Grab rider. May ilang pa-selfie rin ng mag-ina sa mukhang kawawang rider na nagasgas pa ang bálat sa mukha. Umulan ng papuri ng kagandahang asal at kalooban sa mag-inang artista matapos kumalat na pinakain nila ng donuts ang rider at binigyan ng pera na doble-doble pa sa nawala rito.

At dahil may # at @ sa account ng donut company sa X (dating Twitter) post ni Cassie, tumugon din ang kompanya upang ibalik ang pera ni Baldo—may dagdag pang "tulong" at gift packages kasama ng photos sa pagbisita ni Baldo sa naturang branch. Nagbigay rin ng paglilinaw na tweet ang donut company na hindi sinasadyang natanggap ng crew nila ang bayad ni Baldo. *Nagkalituhan lamang at ngayon ay everybody happy.*

Hindi rin nagpahuli ang Grab company. Inilathala si Baldo sa lahat ng kanilang social media accounts bilang huwarang empleado—*masigasig, tapat, marangal na rider!* Binigyan si Baldo ng maraming incentives at pinuri nang pinuri sa iba't ibang featured stories. Sa lahat ng litrato niya sa mga



Likhaan 18.indb 59 11/22/2024 4:29:34 PM

socmed post, kitang-kita ang ngiwi at alanganing ekspresyon ng mukha niya.

Mabilis na kumalat ang *awkward na fezlak* ni Baldo—*di alam kung maiiyak o mangingiti o nagpipigil ng ihi*, ayon sa netizens. Ngunit ang malaking balat ni Baldo na halos sumakop sa ikaapat na bahagi ng kanyang mukha ang tunay na tumatak sa mga tao. Kung ano-anong memes ang gumamit sa mukhang ito ni Baldo.

Nilagyan siya ng mapa sa mukha. Ginawang *rorschach* o ink blot test ang balat niya—*halatadong may itinatago* raw. Ginawang marka ng baka. Ginawang black hole sa outer space. Ginawang abyss kung saan nahuhulog ang mga tao. Mayroon pang lumabas na compilation ng mga meme na ito, naging sukatan ng #FilipinoCreativity na #WorldClass. Pinagtawanan at kinatuwaan ng internet world ang balat at awkward na ekspresyon ni Baldo. Hinahalo pati sa mga vlog at video posts bilang paningit na patawa. Maging ilang taga-ibang bansa ay ginamit ang mukha ni Baldo bilang meme kahit hindi na nila alam ang tunay na konteksto ng viral story nito.

Nang umabot sa mainstream online news, sa *Philippine Bulletin*, ang kasikatan ni Baldo ay doon lamang nadiskubre ang mas malalim pang kuwento sa likod nito. Palibhasa'y established journalists, sila lamang talaga ang nag-imbestiga sa mas malalim na istorya ni Baldo.

Si Baldo pala ay single parent, namatay ang asawa sa sakit sa kidney. Nakatira sa riles, kasama ng kanyang anak na si Laura. Nasa ikawalong baitang na si Laura sa isang public school—honor student *daw* ito. Kamakailan ay naaksidente si Laura. Dahil salat sa pera ay hindi matugunan nang maayos ni Baldo ang mga kailangang gamot ng anak. Nagkasakit at lumala ito lalo dahil sa impeksiyon.

Konduktor sa bus si Baldo sa gabi hanggang madaling-araw. Minsan, double shift. Pagkatulog ni Baldo nang dalawang oras mula sa shift—at kung day off—ay doon siya tumatanggap ng GrabFood delivery gamit ang bisikleta niya. Katulad nga ng sabi niya sa interview sa kanya sa online news, *kailangang-kailangan niya talaga ngayon ng pera para matustusan ang mga gamot ni Laura*.

Marami ang naantig, na-guilty, na-trigger, naapektuhan sa artikulong ito. Ito yata ang may pinakamataas na social media engagements sa kasaysayan ng *Philippine Bulletin*—hindi naman nila noon masukat talaga kung ano ang may mas mataas na engagement o readership noong panahong nagpi-print pa sila ng diyaryo. Ngayon, dahil online at digital,



Likhaan 18.indb 60 11/22/2024 4:29:34 PM

nakatalang milyon ang views at likes (heart, care; maging angry reacts) at daang libo ang shares. Nag-trending ang #ParaKayBaldoAtLaura.

Ang kagandahan ay inulan din ng donasyon ang mag-amang Baldo at Laura. Pagkain, pera, tseke, mga produkto, offer ng scholarship sa bata—lahat ay may ka-package na selfie. Umaga man o gabi ay may kumakatok sa barong-barong nila, di alintanang maistorbo kahit iyon na lamang ang minsanang tulog nilang mag-ama. Interbyu sa top-rating TV magazine show, interbyu mula sa isang sikat na o nag-uumpisa pa lamang na vlogger, lahat iyan.

*Naninibago* si Baldo sa ganitong atensiyon. Nakikita siya ng media bilang isang ulirang ama na nagsisikap at gagawin ang lahat para sa kanyang anak. Pinapanood ng tao si Laura bilang isang matalinong estudyante na tanging pag-asa sana sa buhay nilang mag-ama upang makaahon sa kahirapan, ngunit sinubok pa ng tadhana. Nadaig ng kanilang hashtag sa trending ang mga kasalukuyang teledrama sa hapon at gabi. Pero di pa rin mapakali si Baldo. Minsan, nais lang naman sana niya talagang manahimik. Pagpahingahin ang anak niya sa isang tahimik na kuwarto, habang nagpapagaling. Ngunit alam din niyang kailangan nila—at kulang pa nga—ang lahat ng tulong na natatanggap nila sa ngayon. At alam din niya, kailangang patuloy na makipagtitigan sa malalamig na mata ng mga camera, para mainitan ang mga sikmura.

***

Mataas noon ang sikat ng araw. Parang bina-barbecue ang mga tao sa Barangay Sagrado—lalo iyong mga nakatira sa daanan ng tren.

“Putang ina naman, Laura! Sabi ko kasi sa ’yo ’wag mong damihan ang saing! Tangna ang dami nito, napanis na naman!” Ibinalibag ni Baldo ang kaldero sa dingding. Nagkalat ang panis na kanin sa kumot na nakalatag sa kahoy at kartong papag nilang mag-ama.

“E kung ayaw mong napapanisan, bumili ka ng rep! Kontrolado ko ba pati pagkapanis ng kanin?! Tangna naman o!” malutong na murang sagot ni Laura sa ama.

“Gago kang bata ka! Wala ka nang respeto, a!” Mas mabilis ang kamay ni Baldo kaysa sa kanyang salita.

Lumagapak ang palad niya sa pisngi ng dalaga.

Gumanti ito ng suntok at tadyak sa ama. Nasalag naman ni Baldo at ginantihan ng tulak. Bumalandra sa aparador si Laura. Sumabit ang



Likhaan 18.indb 61 11/22/2024 4:29:34 PM

kanang braso ni Laura sa isang nakausling pako. Mahaba ang napunit na balat. Dumugo.

Panandaliang natigilan si Baldo. Huminahon.

Umiyak si Laura.

Naawa si Baldo, pero hindi nag-sorry.

"Hindi ko naman kasalanan na naloko ka sa GrabFood mo e. Lagi na lang mainit ulo mo—kasalanan ko ba 'yon?!" umiiyak na himutok ng dalaga.

"Tangna, tumigil ka, ha!" putol ni Baldo.

"Naloko ka. Na-prank ka. 'Yong mga gago ang hanapin mo! 'Yon ang sigawan mo!"

"Tama na!"

"'Yon ang sapakin mo! Sa ibang tao tameme ka, e. Sa ibang tao, iyakin ka. Sa akin 'kala mo kung sino kang malakas!"

"Gago!"

"Re-resign-resign ka sa Sunny Trans., akala mo ikayayaman mo 'yang Grab na 'yan—akala mo porke sikat 'yang Grab na 'yan ngayon, ikayayaman natin 'yan! Tangna, mas lubog tayo sa utang ngayon! Ano? Kahit si Mang Albo tinatanggihan na tayo!"

"E kung ikaw kaya magtrabaho, kingina kang palamunin ka! 'Kala mo kung sinong matalino sa klase!"

"At least ako, nagkaka-honor! Nagta-top! Ikaw ba? Natapos mo ba grade one mo?! Bobo!"

"Puta—honor student na nagpapakantot sa kung sino-sino?! 'Kala mo di ko alam, ha? Puta ka!"

"Bobo! Bobo!"

"Putang ina mo kang bata ka! Sana sanggol ka pa lang hinagis na lang kita sa tren, tangna mo ka!"

Binato ni Baldo ng takip ng kaldero si Laura. Nakailag ito.

"Bobo!" balik ni Laura, hawak-hawak ang dumurugong sugat.

At natahimik sila.

Iyak ang sumunod mula kay Laura. Maya-maya'y may pahabol na "Gago!"

Dali-daling lumabas ng pinto si Baldo at halos mawasak nang ibalibag pasara ang tagpi-tagpi nilang pinto. Nakalas ang ilang kahoy na walang pako.

"Gago kaaa! Mamatay ka na, putang ina mooo!" pahabol na sigaw ng dalagang si Laura habang nalulunod sa distansiya ng paglalakad ni Baldo palayo sa barong-barong.



Likhaan 18.indb 62 11/22/2024 4:29:34 PM

Lagpas alas-dose na ng madaling-araw nang umuwi si Baldo sa bahay nila. Sinalubong ni Aling Karing ng masamang balita. Hindi rin daw nila alam ang buong detalye ng kuwento pero—

“Kasama raw ni Laura sina Cindy at Jena.”

“Jena?”

“Jena, ’yong pokpok! Sumabit daw sila sa tren, e ...”

Nag-play na parang video sa CCTV sa kanyang imahinasyon ang kuwento ni Aling Karing.

Hapon daw nang magkita-kita ang magtotropang sina Cindy at Laura. Sa likod ng ikalawang hilera ng kabahayan, malapit kina Aling Ising, nag-umpukan ang magbabarkada. May dumating pang iba, babae, lalaki. Dumating si Jenang Pokpok na may dalang tsongki. Humithit muna sila. Nang nabubulahaw na sina Aling Ising sa harutan ng mga kabataan ay sinigawan na sila ng matanda.

Nag-trip pa nga ang mga kabataan, sinagot-sagot si Aling Ising. Pinakyu. Pero umalis din sila, nagtatawanan. Tumambay sila nang ilang minuto sa riles.

Nang dumating ang tren ay sumampa sila rito. Hinabol ng takbo, tinalon habang umaandar. Nang si Laura na ang tumalon pasampa ng tren, nakakapit naman si Laura nang dalawang kamay. Kaso lang, napabitaw rin ang kanan nito. Medyo nakaladkad. Pero lumaban naman ang binti. Nahawakan ni Cindy ang isang braso ni Laura.

“Talon! Talon!” sigaw ng barkada kay Laura.

Ilang takbo pa kasabay ng andar ng tren, sumikad nang malakas ang binti ni Laura patalon. Lumapag siya sa bakal na estribo. Sa tulong ng hila nina Cindy at iba pa ay ganap na nakasampa si Laura.

Nagtawanan ang magkakasama. Tawanan sila nang tawanan, nasasamid-samid na. Nagmumura. Nagkukuwentuhan ng mga pangyayaring pare-pareho lamang naman nilang nasaksihan.

“Pota, sana nabidyo mo, Jena!” sabi ng isang lalaking kasama nila.

“Ha ha, gago, viral ka n’yan, Lau ...” sagot ni Jena.

Nang walang ano-ano’y nahimatay si Laura. Hindi agad napansin ng katabing si Cindy, akala niyang nagloloko lang. Dumantay ang katawan ni Laura sa mga rehas na nakaharang sa likod nila, may taas na hanggang baywang, at tuluyang umiktad. Balot pa ng pagtataka, nasaksihan nilang nahulog si Laura sa riles.

Patuloy pa ang paggulong nito.

Palayo.



Likhaan 18.indb 63 11/22/2024 4:29:34 PM

Palayo pa sana mula sa riles. Palayo na sana, tungo sa mas ligtas na lupa.

Ngunit nilamon agad-agad ng kasunod na bagon ang mga paa ni Laura.

Napasigaw ang mga barkada ni Laura. Napasigaw si Laura. Naghalo-halo ang kanilang mga sigaw pati mula sa mga saksi sa Barangay Sagrado.

Bulong na mura lamang ang napawalan ni Baldo. Nakalamukos ang kamao.

"Dinig kanina hanggang dulo iyong sigawan d'yan! Nakita raw mismo nina Enteng na nagulungan iyong—"

Tumakbo na si Baldo. *Pupunta ba siya kay Enteng? Pupunta ba siya kina Jenang Pokpok? Mangungutang ba sa tindahan nina Mang Albo? O dederetso ng ospital kahit walang pera ni pagkain?* Hindi niya alam. Mura lang siya nang mura na tanging siya lamang ang nakaririnig.

***

Sanggol pa lang si Laura noon nang mamatay ang nanay nito. Naubos na nila ni Baldo ang lahat ng libreng dialysis sa buong siyudad. Habang tumatagal ay dumadalas. Habang tumatagal naman ay lalong humihina, lalong di na makalayo. Noon pa man, napagtanto na ni Baldo na ang mahal ng buhay. Hindi siya handa rito. Hindi pala niya afford ang buhay.

Nang mamatay ang asawa, gusto na rin niyang mamatay. Kaya lang, hindi niya kayang basta na lang iwanan ang anak, e. Si Laura noon ang naiisip niyang pag-asa. Si Laura noon ang naiisip niyang dahilan para kumayod at piliting makabili ng kahit kapirasong buhay. Kaya lang, habang tumatanda si Laura ay lalo pang humihirap ang buhay. At habang patuloy pang lumiliit ang halaga ng mga kayang bilhin ng kanyang pagsisikap ay mas nagiging magaspang at matalim ang namamagitang pader sa kanilang mag-ama. Nagkakamurahan na sila. Nagkakasakitan na sila. Mahal naman niya ang anak, kaya lang ang hirap lang talagang magmahal kung kumakalam ang mga tiyan—nananalo ang pagkainis. Naipapasa ang paninisi sa iba. Nakakasakit.

Matapos umere ang feature sa TV tungkol sa *ulirang ama at pag-asang anak* ay pumanaw na si Laura. Hindi naman din kasi kinayang matugunan ng lahat ng donasyong pagkain at kung ano-anong branded na produktong natatanggap ng mag-ama ang mga gamot, antibiotics, at regular na checkup sa ospital.



Likhaan 18.indb 64 11/22/2024 4:29:34 PM

Malaki rin ang ipinayat pa ni Baldo—lalong lumaylay tuloy ang maitim niyang balat sa mukha—mula sa stress na dulot ng pagharap sa mga interbyu at camera. Lalong hindi na siya kaaya-aya pang tingnan sa mga video kahit pa anong edit ang gawin. Unti-unti'y nakamit din naman niya ang katahimikang ninanais.

Tumigil na rin ang mga engagement sa mga lumang post sa kanya. Wala nang bagong meme ng mukha niya. Lumang kuwento na. Napagsawaan din.

Natabunan na siya ng video ng lalaking ni-raid ng misis at ng mga pulis sa motel, naaktuhang kasama ang kalaguyo nito—na siya namang asawa pala ng isa sa mga pulis na nag-raid. Sumunod din ang aktuwal na video ng alkalde at mga tauhan nitong niratrat ng mga kalaban sa politika. Pinagbabaril nang malapitan. Pinaputukan kahit patay na. At sa sumunod pang buwan, ang litrato naman ng isang paring guwapo ang pinagpiyestahan.

Naubos din ang mga grocery na natanggap. Na-expire ang ibang tinapay na donasyon. Naibenta ang ilang kagamitang di naman talaga kailangan ni Baldo. Wala nang pumalit na donasyon. Tahimik na ang barong-barong, maliban sa pagkakataong rumaragasa ang tren.

Muli nang napag-isa si Baldo.

Nakaupo siya ngayon sa gilid ng flyover sa Timog. Mataas ito, sapat upang patayin siya paglagapak sa kalsada sa ibaba. Inalala niya ang lahat ng inis niya sa nakaraang mga buwan. Inalala niya ang lahat ng ligaya niya noong mga panahong mayroon pa nito. At kung paanong nalinlang siya ng mga ligayang ito noong kanyang kabataan upang pangahasin itong angkinin. Huminga siya nang malalim, tumingala. Pinaliguan ng malamlam na liwanag ng buwan ang maitim niyang balat sa mukha. Handa na siyang tumalon at mamatay.

Ngunit pagtingin niya sa ibaba ay nakita niyang may ilang taong nakapuna sa balak niya. Nakita niyang itinuro siya ng isa. Nakita niyang may dalawa o tatlo mula sa iba't ibang bahagi ng kalsada, sidewalk, at karatig na gusali na naglabas ng cell phone upang kuhanan siya ng video—o kuhanan ng video ang gagawin niya.

Napailing si Baldo.

Bumaba siya sa flyover. Bumalik sa patag na kalsada. Maingat na tumawid sa pagitan ng mga bumubulusok na sasakyan. Tapos ay tumakbo palayo bago pa may makakilala at mag-usyoso. Naisip pa rin naman niyang tapusin na ang buhay niya, pero hindi rito—o sa paraang panonoorin ng lahat. Kung iyon ang kanilang ligaya, kung iyon ang kanilang hinihingi sa kanya, hindi niya iyon ibibigay.



Likhaan 18.indb 65 11/22/2024 4:29:34 PM